

BAKIT KAILANGAN NG IYONG ANAK NG BAKUNA PARA SA COVID-19

Bawat magulang/tagapag-alaga ay may kanya-kanyang dahilan kung bakit magpapabakuna ang kanilang mga anak. Ang pagbabakuna ay ang pinakamahusay na bagay na puwede mong gawin upang:

- Protektahan ang iyong anak mula sa mga panganib ng COVID.
- Hikayatin ang iyong anak na lumahok nang ligtas sa mga aktibidad na kanyang kinagigiliwan.

Maaaring mapanganib ang COVID para sa mga bata.

Sa mga batang nahawaan ng COVID sa Estados Unidos, 140,000+ ay ang na-ospital at 1,700+ ay ang namatay.

Walang paraan malaman kung paano maaapektuhan ng COVID ang iyong anak. Kahit na ang iyong anak ay ganap na malusog, puwede pa rin siyang magkasakit ng malubha mula sa COVID. Halos kalahati ng mga batang na-ospital dahil sa COVID ay walang ibang problema sa kalusugan.

Ang mga bakuna sa COVID ay ligtas para sa mga bata.

Ang mga bakuna sa COVID para sa mga bata ay lubusang nasubok at libu-libong mga bata ang lumahok sa mga klinikal na pagsubok. Sa mga nabakunahan, ipinakitang ligtas ito. Humigit-kumulang, 28 milyong bata sa Estados Unidos ang nabakunahan na laban sa COVID. Kinumpirma ng real-world evidence ang kaligtasan ng bakuna.



American Academy
of Pediatrics



DEDICATED TO THE HEALTH OF ALL CHILDREN®

Gumagana ang mga bakuna para sa COVID sa mga bata.

Ipinapakita ng real-world evidence na ang mga bakuna para sa COVID sa mga bata ay gumagana nang mahusay upang maiwasan ang:

- Malubhang pagkakasakit
- Pagka-ospital
- Pagkamatay

Ang mga bakunang available para sa mga batang nasa edad na 6 na buwan hanggang 4 na taon ay nagbibigay ng parehong proteksyon.

Paano makipag-usap sa iyong nagdadalaga't nagbibinatang mga anak tungkol sa pagpapabakuna

Normal para sa mga bata, lalo na sa mga nagdadalaga't nagbibinatang mga bata, na magkaroon ng mga tanong at alalahanin

tungkol sa pagpapabakuna. Narito ang ilang mga tip para sa pakikipag-usap sa iyong anak, lalo na kung siya'y natatakot o ayaw magpabakuna o kung hindi niya nakikita ang pangangailangan nito:

- **Ipalagay na gusto niyang magpabakuna.** Sa halip na tanungin kung gusto niyang magpabakuna, ipagpalagay na ang sagot ng iyong anak ay "Oo." Halimbawa, maaari mong sabihin, "Tara, magpabakuna tayo." Kung nag-aalangan pa rin siya, isaalang-alang ang iba pang mga tip sa ibaba.

- **Ituon ang iyong pag-uusap tungkol sa kaligtasan.**

Ipalitanag kung bakit mapanganib ang COVID at kung paano nag-aalok ng pinakamahusay na proteksyon ang pagbabakuna laban sa mga panganib ng COVID.

- **Makinig at tumugon nang mayroong empatiya.**

Huwag ipagpawalang-bahala ang mga alalahanin at damdamin ng iyong anak, halimbawa, sa pamamagitan ng, pagtawag sa kanya na "kulit." Sa halip, tumugon ng:



American Academy
of Pediatrics



DEDICATED TO THE HEALTH OF ALL CHILDREN®

“Naiintindihan ko kung bakit ganyan ang nararamdaman mo o iniisip mo.” Pagkatapos, mag-alok ng impormasyong nakabatay sa katotohanan.

- **Tulungan ang iyong anak na mahanap ang kanyang sariling dahilan para magpabakuna.**

Ang pag-uusap tungkol sa mga katwiran ay maaaring humikayat sa iyong anak na magpabakuna upang protektahan ang kanyang sarili o upang makasama ang kanyang mga kaibigan nang hindi nanganganib na magkasakit ang sinuman.

Gawing hindi gaanong nakaka-stress at masakit ang mga bakuna sa mga bata

BAGO MAGPABAKUNA

- Maging tapat sa iyong anak: Ang iniksyon ng bakuna ay maaaring kumirod o sumakit, ngunit hindi ito sasakit nang matagal.
- Tulungan ang iyong anak na makita ang mga bakuna bilang isang magandang bagay. Sabihin sa kanya na ang mga bakuna ay tutulungan siyang maging ligtas mula sa mga mikrobyo na maaaring makapagdulot sa kanya ng sakit.
- Huwag gumamit ng mga nakakatakot na kuwento upang pagbantaan ang iyong anak tungkol sa mga bakuna.

HABANG NAGPAPABAKUNA



- Magdala ng paboritong laruan o kumot para yakapin ng iyong anak.
- Hawakan ang iyong anak sa isang komportableng posisyon, tulad ng sa iyong kandungan.
- Aliwin ang iyong anak sa pamamagitan ng pagkukuwento, pagpakita ng isang video, o pagpaki-usap sa kanya.
- Tanungin ang provider ng bakuna kung mayroon silang pampamanhid na ointment o spray na maaaring ilalagay muna sa lugar ng iniksyon.

PAGKATAPOS NG PAGBABAKUNA




- Yakapin at purihin ang iyong anak.
- Paalalahanan ang iyong anak kung bakit mabuti ang mga bakuna. Sabihin na gumagawa na ang kanyang katawan ng panlaban sa mikrobyo para mapanatili siyang ligtas at malusog.
- Pag-isipang bigyan ng gantimpala ang iyong anak, gaya ng isang sticker o payagan siyang sumali sa isang masaya at malusog na aktibidad.

Lahat ng nasa edad na 6 na buwan at mas matanda ay dapat mabakunahan.

Para makahanap ng mga bakuna sa COVID para sa iyong anak:

- Pumunta sa [vaccines.gov](https://www.vaccines.gov)
- I-text ang inyong ZIP code sa 438829
- Tumawag sa 1-800-232-0233
- I-scan ang QR code



Para sa karagdagang impormasyon, kausapin ang pediatrician ng iyong anak o ang iyong family physician. Maaari mo ring bisitahin ang [cdc.gov/coronavirus](https://www.cdc.gov/coronavirus).